# PAGPAPAUNLAD NG KALIGTASAN SA TRAPIKO
## SA PALIBOT NG MGA PAARALAN AT MGA LUGAR PALARUAN

Habang nadadagdagan ang bilang ng mga magulang na ipinagmamaneho ang kanilang mga anak sa paaralan, gayun din ang paglaki ng trapiko sa palibot ng mga paaralan at mga lugar palaruan. Bilang isang magulang, marami kayong mga bagay na magagawa upang makalikha ng isang ligtas na paligid para sa inyong mga anak:

- Iwanan ninyo ang kotse sa inyong tirahan at maglakad patungo sa paaralan kasama ng inyong mga anak.
- Kung ang inyong anak ay nasa hustong gulang na, hayaan silang sumakay sa Brampton Transit o maglakad, magbisikleta o mag-skate patungo sa paaralan.
- Kung ipagmamaneho ninyo ang inyong anak patungo sa paaralan, tumulong sa pagsasagawa ng isang ligtas na kapaligiran sa pamamagitan ng pagiging maalam at masunurin sa mga palatandaan ng trapiko sa palibot ng mga paaralan at mga lugar palaruan.

### BAWAL PARADAHAN NA SONA (NO PARKING ZONE)



Huwag pumarada sa BAWAL PARADAHAN (NO PARKING) na sona. Maaari kayong huminto panandalian upang magbaba o magsakay ng pasahero, ngunit hindi kayo maaaring maghintay mula sa inyong sasakyan o iwanan itong nakaparada.

### BAWAL PAGHINTUAN NA SONA (NO STOPPING ZONE)



Huwag huminto sa BAWAL PAGHINTUAN (NO STOPPING ZONE) na sona anuman ang inyong mga kadahilanan. Ito ang mga lugar kung saan ang mga humintong mga sasakyan ay maaaring makasagabal sa mga tanawin ng ibang mga nagmamaneho at mga naglalakad at maaaring maging sanhi ng disgrasya. Maaari ninyong makita ang bawal paghintuan na sona (no stopping zone) mula sa sumusunod na mga lokasyon:

- Hindi hihigit sa mga 15 metro mula sa isang itinalagang tawiran ng paaralan
- Hindi hihigit sa mga 15 metro mula sa isang interseksyon o sangandaan
- Alin mang gilid ng kalsada na malapit sa isang ari-arian ng paaralan, lugar palaruan o parke

### KISS AND RIDE

Ito ay mga itinalagang lugar upang maging madali at maayos ang pagsundo o paghatid ng inyong mga anak sa paaralan. Huwag pumarada o iwanan ang inyong sasakyan sa lugar ng Kiss and Ride.

### MGA RUTA PARA SA SUNOG (FIRE ROUTES)

Ang mga ruta para sa sunog ay makakatulong sa mga Bumbero at iba pang manggagawa sa panahon ng Emergency upang madaliang makapasok sa isang gusali kung kinakailangan. Ang mga pagharang sa mga rutang ito, alin man sa paghahatid o pagsusundo ninyo sa inyong mga anak, ay sadyang mapanganib para sa lahat. Maaari kayong pagmultahin sa pagsagabal sa isang ruta ng sunog (fire route).

### MGA TANOD SA TAWIRAN (CROSSING GUARDS)




Ang palatandaan para sa paghinto (stop sign) na dala-dala ng Tanod sa Tawiran (Crossing Guard) ay may kaparehong legal na awtorisasyon katulad ng isang palatandaan para sa paghinto (stop sign) sa isang interseksyon o sangandaan. Ang awtorisasyong ito ay nakasaad sa Batas Pantrapiko Para sa Daang-Bayan ng Ontario (Ontario Highway Traffic Act). Kailangan mong huminto kung ang Tanod sa Tawiran (Crossing Guard) ay humaharang sa kalsada hawak ang palatandaan para sa paghinto (stop sign) pataas, at manatili kayong nakahinto hanggang sa ligtas na makadaan sa kalsada ang mga bata at umalis na ang Tanod sa Tawiran (Crossing Guard).

### MGA BUS PAMPAARALAN (SCHOOL BUSES)



Sa anumang kalsada, ang mga motoristang papalapit sa isang nakahintong bus pampaaralan na naka-signal ang palatandaan ng paghinto (stop sign) at nakasindi and pulang ilaw sa mataas na gilid nito ay kailangang huminto ng hindi hihigit sa mga 20 metro mula bus. Hindi maaaring umandar ang mga motorista hangga't hindi umuusad ang bus o hindi inaalis ang signal at pulang ilaw.

### MGA PALATANDAAN NG LUGAR PAMPAARALAN (SCHOOL AREA SIGNS)



Ang palatandaang ito ay nagbibigay babala sa mga motorista na sila ay papalapit sa isang lugar pampaaralan. Magbagal, magmaneho ng may pag-iingat at maging listo para sa mga bata.

### MGA PALATANDAAN NG TAWIRAN PAMPAARALAN (SCHOOL CROSSING SIGNS)



Ang palatandaang ito ay nagbibigay babala para sa tawirang pampaaralan. Maging listo para sa mga bata at sundin ang mga ibinibigay na direksyon ng Tanod sa Tawiran (Crossing Guard). Hindi na kailangan ng mga nagmamaneho ang huminto kung wala sa tawiran ang Tanod sa Tawiran (Crossing Guard).

### MGA PALATANDAAN NG MALAPIT NA LUGAR PARA SA MGA TAONG NAGLALAKAD (PEDESTRIAN AHEAD SIGNS)



Ang palatandaang ito ay nagbibigay ng maagang babala sa mga motorista na ang lugar para sa mga taong naglalakad ay maaaring malapit lamang.

### MGA PALATANDAAN NG MALAPIT NA LUGAR PALARUAN (PLAYGROUND AHEAD SIGNS)



And palatandaang ito ay nagbibigay ng maagang babala sa mga motorista na mayroong lugar palaruan na malapit sa susunod na kalsada.

### BAKIT KAILANGANG MAGBAKASAKALI?

Ang tunay na kaparusahan sa hindi pagsunod ng mga regulasyong pantrapiko sa sona ng paaralan ay maaari mong mailagay sa panganib ang kaligtasan ng mga bata at ibang tao na gumagamit din ng kalsada. Bilang isang motorista, napakahalagang iginagalang mo ang mga regulasyon na nagkokontrol sa trapiko at ang kasanayan para sa kaligtasan upang mapanatiling ligtas ang ating mga kalsada, lalo na ang mga lugar sa palibot ng mga paaralan at mga lugar palaruan.

2009-0828

Brampton Safety Council

Para sa mga karagdagang impormasyon, tumawag sa:
**905.874.2500 • TTY 905.874.2130**

brampton.ca BRAMPTON Flower City